NEW MUSLIM ACADEMY PHILIPPINES

# Ang Allah ang Tagapagtustos at Tagapagtaguyod



Ang Allah ay Mabait, Mapagbigay, Mapagpatawad, at Mahabagin. Siya ay Perpekto sa lahat ng bawat kahulugan ng salita. Sa Islam, hindi sapat na tanggapin ang pag-iral ng Allah sapagka't dapat din nating matutunan ang tungkol sa Allah sa Kanyang mga katawagan nang sa gayon ay makabuo tayo ng isang pansariling ugnayan ng pagmamahal, paggalang at eksklusibong debosyon sa Kanya. Upang mailarawan sa atin ang Kanyang pagiging perpekto, at upang direktang ituro sa atin ang tungkol sa Kanyang sarili, ay ipinabatid sa atin ng Allah ang Kanyang maraming mga pangalan na nakasulat sa Qur'an at sa pamamagitan ng mga katuruan ng Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ). Bawat mga pangalan ng Allah ay ipinaliwanag sa atin ang ilang mga katangian ng Allah nang sa gayon ay higit natin Siyang makilala at mapalapit sa Kanya sa pamamagitan ng kaalaman at pagsamba.




sa atin ni Propeta Muhammad (ﷺ) na ang Allah ay maraming pangalan at kung sino man ang mga nakakaalam, nakakaunawa, at kumikilos naaayon sa mga pangalang ito ay makakapasok sa Paraiso. Ang isa sa mga halimbawa, ang Allah ay ang pinaka mapagpatawad. Mula sa Kanyang biyaya, ay pinapatawad Niya ang lahat ng mga nagsisisi at nagbabalik-loob sa Kanya. Ang Kanyang biyaya at habag ay nag-aalis ng Kanyang galit. Maaari nating gamitin ang pangalang ito sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran sa Allah kapag tayo ay nagkakamali at nagkakasala.

Mula sa mga pangalang ito ng Allah ay ang Ar-Razzaq, ang Tagapagbigay at Tagapagtaguyod. Ang banal na pangalang ito ay mahalagang nagtuturo ng katotohanan na ang Allah ang nagbibigay sa sa lahat ng buhay na umiiral. Sinabi sa atin ng Allah na "walang nilalang sa mga kalangitan at daigdig maliban na Siya ay nagtutustos para dito" [11:6] Lagi sa atin itong ipinaaalala ng Allah dahil madalas tayong makalimot bilang mga tao kung saan nanggagaling ang ating mga panustos, sa halip ay iniuugnay ang ating mga kayamanan sa eksperto, mga pagsisikap, at mga kakayahan o sa ating mga amo.




"Inilatag ng Allah ang daigdig para sa iyo at ginawa ang langit; na siyang nagbababa ng tubig mula rito at sa tubig na iyon ay tumubo ang mga bagay para sa iyong ikabubuhay" [2:22] Ito ay sa pamamagitan lamang ng Kanyang mga biyaya at pagpapala na may kakayahan tayong mag-ipon ng kayamanan at panustos.

Tulad nito, ay mahalagang tandaan ang panuntunang ito sa parehong panahon ng karangyaan at sa panahon ng kahirapang pinansyal. Sa kadahilanang ito, ay dapat tayong laging unang nagtitiwala sa Allah at nangunguna sa lahat at pagkatapos ay magsikap upang kumita ng ayon sa batas. Sa parehong paraan, ay mahalaga ring tandaan na ang kayamanan ay hindi isang tanda ng pagmamahal ng Allah at ang kahirapan ay hindi isang tanda ng pagkawala ng pagmamahal ng Allah. Ang Allah ay nagbibigay para sa lahat ng Kanyang nilikha sa iba't-ibang mga paraan. Maraming mga Sugo at mga matuwid na tao ay mahirap at maraming masasamang tao ang mayaman. Ang kayamanan ay hindi isang sukatan ng pagiging banal o matuwid at tiyak, ito ay hindi isang sukatan ng pagmamahal ng Allah. Ang kayamanan ay isang pagsubok mula sa Allah at gayundin ang kakulangan ng kayamanan. Ang bawat tao ay sinusubukan sa iba't-ibang paraan.




Ang Muslim ay balanse pagdating sa pinansyal na karangyaan at kahirapan. Pagdating sa mga tuntunin, dapat nating pasalamatan ang Allah para sa Kanyang mga tulong, gamitin ang mga ito sa paraang makalulugod sa Allah, at subukang magbigay ng tulong upang maging kapaki-pakinabang sa mga nakapaligid sa atin. Dapat din nating tiyakin na ang mga tulong na ito ay hindi magdudulot sa atin na maging mapagmataas at mayabang kung saan mababa ang tingin natin sa mga kapus-palad. Sa panahon ng kahirapang pinansyal, dapat tayong magtiwala sa Allah at na Siya ang Tagapagbigay sa lahat. Hindi natin dapat pahintulutan na humantong tayo sa kawalan ng pag-asa o mawalan ng pag-asa, sa halip ay dapat tayong kumilos upang mapabuti ang ating kalagayan sa abot ng ating makakaya habang nagsusumamo sa Allah at humihiling sa Kanyang biyaya.

Kapag ang isang tao ay lumapit sa Allah at humihingi ng Kanyang tulong na may matatag na pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya, bibiyayaan sila ng Allah o kahit papaano ay gantimpalaan ang pagsusumamo at pagbabalik-loob sa Kanya ng may pagpapakumbaba. Hindi lamang makikinabang ang isang tao mula sa ganitong uri ng panustos, kahit limitado, sa kanilang makamundong pamumuhay, sapagka't sila rin ay gagantimpalaan sa pagkakaroon ng matuwid na pamumuhay at pagiging matiyaga at matatag kahit sa pagharap sa kakulangan sa pananalapi.




Ang matuwid na kinitang kayamanan kapag ginamit sa mabuting paraan ay isang mapagkukunan ng biyaya maging sa kabilang buhay. Ang panustos ay hindi lamang tumutukoy sa kayamanan o pananalapi, nguni't kabilang ang lahat ng mga bagay na ating natatanggap at na ating kailangan at pakinabang mula sa ating (mga asawa, mga anak, kalusugan, patnubay, mabubuting gawa at iba pa)

Dapat nating tandaan na ang pinakamalaking tulong ng Allah ay ang pang-espiritwal na pananatili na Kanyang ibinibigay sa Kanyang mga minamahal na tagapaglingkod. Ito ay ang pagkakaloob ng patnubay kung saan humihiling tayo ng pagpapanatili sa ating kaluluwa sa pamamagitan ng gabay ng Qur'an at mga katuruan ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ito ay higit na mahalaga at isang malaking biyaya kaysa sa panustos na pagkain, inumin at kayamanan. Ito ang dahilan kung bakit ang isang tao ay maaaring maging mahirap nguni't nananatiling may mataas na katayuan sa harap ng Allah dahil sa kanilang pananampalataya, samantalang kasabay nito, ay maraming mayayaman nguni't hindi gusto ng Allah dahil sa kanilang pang-espiritwal na kahirapan o kawalan ng pananampalataya.




Upang maunawaan natin ang pangalang ito ng Allah, ay dapat muna tayong magkaroon ng matibay na paniniwala sa pangalang ito at kung ano ang kahulugan nito. Dapat tayong maniwala sa Allah bilang isang Tagapagtustos at Tagapagtaguyod ng sandaigdigan.

Pangalawa, dapat tayong manalangin sa Allah gamit ang pangalang ito, lalo na sa mga bagay na nauukol sa kayamanan at kabuhayan. Sa Islam, ay inirerekomenda na manawagan sa Allah gamit ang isa sa Kanyang Banal na mga pangalan na nauugnay sa ating pangangailangan. Narito, halimbawa, ang pangalan ng Allah na Ar-Razzaq na ang ibig sabihin ay 'Ang Tagapagtaguyod at ang Tagapagtustos' at samakatuwid ay nauugnay sa ating kahilingan para sa kayamanan. Kung mayroon tayong matibay na paniniwala na bibiyayaan tayo ng Allah at gawin ang inaasahan sa atin sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Allah at ang halimbawa ng Kanyang sugo, ito ay mangyayari.



Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (ﷺ) na kapag tayo ay nagtiwala sa Allah tulad ng dapat nating gawin, ay paglalaanan tayo ng Allah tulad ng ginagawa Niya sa mga ibon na umaalis sa kanilang pugad ng walang laman ang tiyan sa gutom sa umaga at babalik ng busog na busog sa gabi. Ang mga ibong ito ay nagtitiwala sa Allah at naglalaan din ng oras at lakas sa paglabas sa paghahanap ng pagkain. Ito ang pinagsamang tiwala at paggawa na tumutupad sa Islamikong konsepto ng pananalig sa Allah at tunay na pagtitiwala sa Kanya.

Pangatlo, kailangan nating tumanaw ng utang na loob at magpasalamat sa Allah para sa Kanyang tulong, sustento at mga biyaya. Babanggitin ni Propeta Muhammad (ﷺ) ang Allah sa umaga sa pamamagitan ng pagsasabi na ang lahat mga biyaya na ipinagkaloob sa kanya at sa ibang mga nilikha ay tunay na nagmula sa Allah lamang at pupurihin at luluwalhatiin ang Allah para dito.



Sa wakas, ang paniniwalang ito ay kailangang gawing pagkilos. Bahagi ng paniniwala sa Allah bilang isang Tagapagtustos ay ang magtrabaho para sa kabuhayan na Kanyang inilaan para sa atin. Bilang mga Muslim, ay hindi tayo naniniwala na ang kayamanan ay hindi kusang babagsak sa ating mga harapan. Sa halip, ay dapat nating pagsikapan sa paraan na makalulugod sa Allah.

Ang pag-unawa sa banal na pangalan na ito ng Allah at kung ano ang kahulugan ay isang kritikal at mahalagang bahagi ng pundasyon sa iyong buhay pagtatrabaho. Gaya ng dati sa Islam, dapat nating pagsamahin sa pagitan ng pang-espiritwal na mga elemento at mabuting pag-uugali at pagpapahalagang moral nang sa gayon ay masiyahan sa atin ang Allah pati na rin ang mamuhay ng produktibo at masayang pamumuhay.



Narito ang 3 mga bagay na maaari nating gawin upang matulungan tayong maisagawa ang nasa itaas:

**Alalahanin at banggitin ang pangalan ng Allah, ang Ar-Razzaq at isipin kung ano ang kinapapalooban nito.**

**Manalangin sa Allah para sa mabuti at kapaki-pakinabang na probisyon gamit ang pangalang ito.**

**Magpasalamat sa Allah sa pamamagitan ng pagpupuri sa Kanya, gamitin ang mga biyaya sa paraang makalulugod sa Kanya at tulungan ang mga kapus-palad.**

Nawa'y mapasa-iyo ang proteksyon ng Allah. Aameen